

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA 39 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 OKTUBRE 2003. IKA- 9:15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY SAN MIGUEL.

Mga Dumalo:



Vice Mayor Cesar T. Batoos	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan G. Eronita	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Cemar C. Montesa	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 089
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN MIGUEL AT SA MGA MAMAMAYAN NIITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawat buwan sa mga barangay ng bayang ito;
- SAPAGKAT ang ikalabing-isaang barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay San Miguel na ginanap ngayong Oktubre 27, 2003:
- SAPAGKAT ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Miguel at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong lkauunlad ng barangay;
- SAPAGKAT ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Miguel at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahagling ginagampanan;



SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Miguel sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Oktubre 27, 2003.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kon. King Philip B. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Miguel at sa mga mamamayan nito ang taustapong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Oktubre 27, 2003.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Miguel, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Loreto T. Gegullian para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 27 Oktubre 2003

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR J. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan